# Bomoto nang maginhawa.



**Alamin ang mga serbisyo tungkol sa maginhawang pagboto sa Hawaii at tingnan ang pinakamabuting paraan para sa iyo.**

Tukuyin kung anong paraan ng pagboto ang pinakamaginhawa para sa iyo.

## Bomoto sa bahay gamit ang papel na balota.

**Awtomatikong paghahatid sa pamamagitan ng koreyo.** Ang iyong pakete ng balota ay maihahatid sa iyong tirahan.

**Pinapayagan kang tulungan ng iba.** Kung nahihirapan ka sa pagrerepaso, pagmamarka, at pagbabalik ng iyong balota, maaari kang humingi ng tulong. Maaari kang magpatulong sa taong malapit sa iyo sa pagbabasa, pagmamarka ng iyong balota, at magiging saksi kung hindi mo mapirmahan ang return envelope. Pinagbabawalang tumulong sa iyo ang amo sa trabaho at kinakatawan ng unyon.

**Bibigyan ka ng bayad nang return envelope.** Ibalik ang iyong balota sa koreyo gamit ang return envelope. Hindi kailangan ang dagdag na selyo.

**1. Magparehistro.** Kapag magparehistro upang makaboto, awtomatiko na makatatanggap ka ng balota sa pamamagitan ng koreyo tuwing halalan. Hindi na kailangang humiling pa.

**2. Matatanggap mo.** Matatanggap mo ang iyong balota na maipadadala sa inyong tirahan di kukulangin ng 18 araw bago ang Araw ng Halalan.

**3. Bomoto.** Bomoto at ibalik ang iyong balota sa pamamagitan ng koreyo. Ang mga return envelope ay mayroon ng adres at selyo. O maaari mong ihulog ang iyong nabotohang balota sa ballot drop box sa iyong county o pwede mong ipahulog sa iba. Hanapin ang ballot drop box sa iyong lugar sa **elections.hawaii.gov** o tumawag sa (808) 453-VOTE (8693).

## Bomoto sa bahay gamit ang elektronikong balota.

Kung may alalahanin ka sa iyong mata at di mo mabasa ang nakasulat, kuwalipikado kang gumamit ng elektronikong balota, na tinatawag na Alternate Format Ballot o AFB.

**Maihahatid sa iyo sa email.** Ang iyong Alternate Format Ballot (AFB) ay maipapadala sa iyong email address. Ang balota ay hindi konektado sa Internet at ito ay naipadadala lamang sa elektronikong paraan.

**Maaaring mabuksan gamit ang mga personal na gabay na aparato.** Gamitin ang iyong mga aparato sa bahay upang marepaso at mamarkahan ang iyong balota. Maaaring buksan ang AFP sa pamamagitan ng mga browser, mga kagamitan (kasama na rito ang smartphones at tablets), at mga personal na gabay na aparato.

**1. Magparehistro.** I-tsek ang opsyon na humihiling ng Alternate Format Ballot (AFB) at pagtibayin na ikaw ay kuwalipikado. Kailangang ibigay mo ang iyong email address.

**2. Matatanggap mo.** Matatanggap mo ang iyong AFB sa iyong email address di kukulangin ng 18 araw bago ang Araw ng Halalan.

**3. Bomoto.** Bomoto at ibalik ang iyong balota; sundin ang instruksyon na nasa AFB. Ang iyong nabotohang balota ay maaaring ibalik sa pamamagitan ng email o iprinta at ibalik gamit ang opisyal na return envelope na ipinadala sa iyo sa koreyo.

## Bomoto sa sentro na naninilbihan sa mga botante (voter service center) gamit ang aparato na nagmamarka ng balota.

Kung hindi mo mamarkahan ang iyong balota sa pamagitan ng iyong kamay, pumunta sa sentro na naninilbihan sa mga botante at gamitin ang aparato na nagmamarka ng balota, ang Verity Touch Writer.

**Pinahusay na gamit pamboto.** Gamit ang Verity Touch Writer maaari mong piliin ang iyong mga iboboto sa pamamagitan ng elektronikong pamamaraan.

Kasama sa aparato ang:

- Malaking iskrin na maaaring pagalawin gamit ng darili.
- May ruweda na nagpapagalaw ng balota.
- Bagay sa mga may boton at sa mga aparato na “sip and puff”
- Maaaring baguhin ang laki ng teksto at ang iskrin para mas madaling mabasa
- Maaaring gumamit ng headphone para marinig ang sinasabi

**Ang makina na gamit sa pagboto ay nasa buong estado.** Lahat ng mga sentro na naninilbihan sa mga botante ay mayroong Verity Touch Writer. Bukas ang mga sentro na naninilbihan sa mga botante sa loob ng 10 araw hanggang sa Araw ng Halalan, kaya may panahon ka na bumisita sa lugar na ito upang bomoto.

**Hindi elektroniko na pagboto.** Ang Verity Touch Writer ay isang elektronikong aparato na tutulong upang marepaso at mamarkahan mo ang iyong balota. Pagkatapos bomoto, magprinta ka ng papel na balota na ma-scan para sa pagbibilang ng boto. Ang nakaprintang balota ay katulad ng ginagamit ng lahat ng mga botante sa mga sentro na naninilbihan sa mga botante at sa pamamagitan ng koreyo.

**1. Magparehistro.** Kung agahan mo ang pagpaparehistro sa iyong pagpunta, mababawasan ang oras ng paghihintay mo.

**2. Alamin Kung Saan.** Hanapin ang sentro na naninilbihan sa mga botante sa inyong lugar pag panahon ng mga halalan. **elections.hawaii.gov** o tawagan ang (808) 453-VOTE (8683).

**3. Bomoto.** Bomoto gamit ang Verity Touch Writer, at isumite ang iyong nabotohang balota ayon sa instruksyon ng mga opisyal ng halalan.

## Magparehistro Upang Makaboto

Pumunta sa **elections.hawaii.gov** para magparehistro online o alamin ang iba pang paraan sa pagpaparehistro. Kung ikaw ay lumipat o binago mo ang iyong pangalan o adres ng tirahan, siguruhin na bago ang iyong impormasyon tungkol sa rehistrasyon mo bilang botante.

## Alamin ang Kalagayan ng Iyong Balota

Bantayan kung nasaan ang iyong balota at tumanggap ng paalala upang di ka nahuhuli sa balita, kasama na rito ang paalala na ibalik mo na ang iyong nabotohang balota kung ang deadline ay malapit na. Upang mairehistro na tumanggap ng mga notipikasyon tungkol sa balota, bisitahin ang **elections.hawaii.gov** o tawagan ang Tanggapan ng mga Halalan para sa tulong sa pagtetelepono

## Karapatan Mo ang Matulungan

Kung kailangan mo ang tulong sa lahat ng proseso ng halalan, kasama na ang pagpaparehistro upang makaboto, pagmamarka sa iyong balota o sa paggamit ng mga makina sa pagboto, magpatulong sa iyong pinagkakatiwalaang kaibigan, kapamilya, o caregiver. Mag-ingat sa anumang palatandaan ng pananakot sa botante kung naghahanap ng tulong. Tandaan na ang tao na tutulong sa iyo ay hindi namimilit at wala siyang kinikilangan na iboboto.

**Mag-ingat kontra sa pananakot ng botante.** Upang maproteksyonan ang botante kontra sa pananakot at panghihikayat sa lugar ng trabaho, ipinagbabawal ng batas ng Hawaii ang pagbibigay sa iyo ng tulong ng amo sa trabaho o kinakatawan ng unyon. Pinagbabawalan din ang mga kandidato na tutulong sa mga botante tungkol sa kanilang balota.

## Mga Akomodasyon

Kung kailangan mo ang akomodasyon o karagdagang gamit/serbisyo dahil sa kapansanan, makipag-ugnayan sa Dibisyon ng mga Halalan ng County sa pinakamadaling panahon. Ipadala ang kahilingan nang maaga upang may panahon na ibigay ang iyong kahilingan.

## Makipag-ugnayan sa Amin

Para sa kaalaman tungkol sa pagpapparehistro upang makaboto, makipag-uganayan sa Dibisyon ng mga Halalan ng County.

| | |
|---|---|
| County ng Hawaii: | (808) 961-8277 |
| County ng Maui: | (808) 270-7749 |
| County ng Kauai: | (808) 241-4800 |
| City at County of Honolulu: | (808) 768-3800 |

Para sa karagdagang kaalaman sa pagboto, makipag-ugnayan sa **Tanggapan ng mga Halalan**.

Telepono: (808) 453-VOTE (8683)
Toll Free: 1-800-442-VOTE (8683)

TTY: (808) 453-6150
Toll Free TTY: 1-800-345-5915

Email: elections@hawaii.gov
Website: **elections.hawaii.gov**